# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG OKTUBRE 04, 2021, LUNES, IKA-9:31 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President-maysakit |

OFFICE OF THE SANG. BAYAN RELEASED NAME [signature] DATE 10-20-21 TIME ______ STA. CRUZ, LAGUNA

SANG. BAYAN RECEIVED By: [signature] 20 OCT 2021 Date: Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 410-T2021**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KARAGDAGANG BADYET / PAGLILIPAT BLG. 1 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG JASAAN, SANTA CRUZ, LAGUNA NA PINAGTIBAY SA BISA NG KAPASIYAHAN BLG. 37-T2021 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 01-T2021 NA MAY KABUUANG HALAGANG P41,793.57 MULA SA TRAVELLING EXPENSES (P10,000.00); TRAINING EXPENSES (P15,000.00); AT REPRESENTATION EXPENSES (P16,793.57) UPANG ILAAN PARA SA OTHER MAINTENANCE AND OPERATING EXPENSES (KARAGDAGANG TULONG SA MGA KATULUNGIN NG BARANGAY AT TANOD) NG BARANGAY.**

**SAPAGKAT,** may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Jasaan na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 37-T2021 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 01-T2021 na may kabuuang halagang P41,793.57 mula sa Travelling Expenses (P10,000.00); Training Expenses (P15,000.00) at Representation Expenses (P16,793.57) upang ilaan para sa Other Maintenance and Operating Expenses (Karagdagang Tulong sa mga Katulungin ng Barangay at Tanod) ng barangay;

**SAPAGKAT,** ang naturang kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT**, matapos ang pagsusuri at pag-aaral ay iminungkahi ng Pang. Tagapamuno ng nasabing lupon na pagtibayin na ito.

**KUNG KAYA'T , DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kagalang-galang Efren L. Diaz (Pang. Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Ramon D. Tan, Kgg. Lucena R. Odejar at Kgg. Mark Anthony P. Joven at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Karagdagang Badyet / Paglilipat Blg. 1 ng Sangguniang Barangay ng Jasaan, Santa Cruz, Laguna na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 37-T2021 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 01-T2021 na may kabuuang halagang P41,793.57 mula sa mula sa Travelling Expenses (P10,000.00); Training Expenses (P15,000.00) at Representation Expenses (P16,793.57) upang ilaan para sa Other Maintenance and Operating Expenses (Karagdagang Tulong sa mga Katulungin ng Barangay at Tanod) ng barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, Sangguniang Barangay ng Jasaan, at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Oktubre 04, 2021**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: **KGG. EDGAR S. SAN LUIS** 10/14/21
Punong Bayan